

Patakaran sa Privacy

Huling Binago: Hulyo 1, 2020

Iginagalang ng aming dealership ("dealership", "kami", "namin", "amin") ang privacy ng mga indibidwal na bumibisita sa lugar ng aming (mga) dealership, bumibisita sa aming mga website, nagpapada sa amin ng e-mail, o sumasali sa mga feature at serbisyong iniaalok namin online o sa tindahan. Naaangkop itong patakaran ng pagkapribado sa parehong online at offline na pagkalap ng impormasyon ng (mga) dealership. Sa paggamit ng aming website o mga serbisyo at pagbibigay sa amin ng inyong personal na impormasyon (sama-samang tinatawag na "Mga serbisyo"), kinikilala ninyong nabasa at naiintindihan ang mga tuntunin at kondisyon nitong Patakaran sa Privacy. Kung hindi ka sang-ayon sa mga tuntunin at patakaran ng Patakaran sa Privacy, mangyarin huwag gamitin ang aming mga Serbisyo.

MANGYARING TANDAAN NA ANG NAKATAKDA SA IBABA NA PROBISYON TUNGKOL SA ARBITRASYON, NA MAAARING, MALIBAN KUNG SAAN AT HANGGANG SA LAWAK NA IPINAGBABAWAL NG BATAS, KINAKAILANGAN NINYONG PAGPASYAHAN ANG ANUMANG PAGHAHABOL NA MAYROON KAYO LABAN SA (MGA) DEALERSHIP SA INDIBIDWAL NA BATAYAN. NANGANGAHULUGAN ANG INDIBIDWAL NA BATAYAN NA HINDI KAYO MAGKAKARON, AT INIUURONG NINYO, ANG KARAPATAN NG ISANG HUKOM O HURADO NA MAGPASYA SA INYONG MGA PAGHAHABOL, AT HINDI KAYO MAGPAPATULOY SA ISANG DEMANDA NG MALAKING GRUPO (CLASS), PINAGSAMA-SAMA, O SA PAMAMAGITAN NG KINATAWAN.

Talaan ng Nilalaman

- Nakalap na Impormasyon: 2
- Paano Namin Ginagamit ang Nakalap na Impormasyon 3
 - Paano Namin Kinakalap ang Personal na Impormasyon: 3
- Impormasyong Kinakalap Namin Sa Pamamagitan ng mga Teknolohiyang Awtomatikong Pagkalap ng Data 4
- Pag-unawa sa Cookies (o "browser cookies")..... 4
 - Pamamahala ng Cookies 5
- Pagkalap at Paggamit ng Impormasyon mula sa mga Bata 5
- Seguridad ng Data 6
- Paano Namin Ibinubunyag at Isinisiwalat ang Inyong Impormasyon 6
- Paano Kami Tumutugon sa mga Palatandaan na Do-Not-Track 7
- Hindi Pagsali sa mga Komunikasyong Kaugnay ng Marketing 7
- Mga Panlabas na Link ng Ikatlong Partido 8
- Mga Post na Makikita ng Publiko 8

Pandaigdigang Paglilipat ng Data.....	8
Paglutas ng Pagtatalo at Kasunduan ng Arbitrasyon.....	9
Iba pang Kasunduan sa Arbitrasyon.....	9
Umiiral na Batas	10
Mga Pagbabago sa Patakarang ito.....	10
Ang Inyong mga Karapatan sa Privacy sa California	10
Shine the Light Requests.....	10
Mga Hiling na California Consumer Privacy Act ng 2018.....	10
• Karapatang Makaalam.....	10
• Huwag Ibenta ang Aking Impormasyon.....	11
• Tanggalin ang Aking Impormasyon.....	11
• Walang Diskriminasyon	11
Maaari kayong magsumite ng isang mapatutunayang kahilingan ng konsyumer upang malaman ang, kahilingan na “Do Not Sell my Info”, o “Delete my Data” na kahilingan.....	14
I-print ang Patakarang Ito	14
Pagiging Naa-access.....	14
Mga Wika	15
Makipag-ugnayan sa Amin.....	15

Nakalap na Impormasyon: Kinakalap namin ang mga sumusunod na kategorya ng impormasyon mula at tungkol sa inyo (“Personal na Impormasyon”):

- Impormasyong tungkol sa paggamit ninyo ng aming mga website at kung paano ninyo naa-access ang mga ito, tulad ng impormasyon tungkol sa inyong browser, tagapagbigay ng serbisyo, koneksiyon sa internet, impormasyong geolocation, mga pagkakakilalan sa online (tulad ng mga username), IP address, at paggamit ng impormasyon (tulad ng kung paano ginamit ninyo at ng inyong device ang aming website kabilang ang mga pahinang inyong binisita o mga hinanap na termino o salita pati na rin ang mga ginamit na search engine upang hanapin ang aming mga website).
- Mga impormasyong ipinasya ninyong ibigay sa amin (tulad ng sa pamamagitan ng pagsagot sa mga form o application sa aming mga website o habang nasa aming (mga dealership), na kung saan maaari kayong makilala nang personal, tulad ng inyong pangalan, address sa koreo, e-mail address, numero ng telepono, anumang iba pang nakalap na impormasyon na kung saan maaari kayong makaugnayan online o offline (“Personal na Impormasyon ng Pagkakakilanlan”).

- Mga rekord at kopya ng inyong sulat sa amin, kung kinontak ninyo kami (tulad ng mga email, text message, mga feature ng live chat, at mga rekord ng tawag sa telepono).
- Impormasyon tungkol sa taon, gawa, modelo, Numero ng Pagkakakilanlan ng Sasakyan, at distansiyang tinakbo ng inyong sasakyan, na kinakalap kapag dinadala ninyo ang inyong sasakyan sa departamento ng serbisyo ng aming dealership, o na maaari naming makuha mula sa mga pinagkukunan ng ikatlong partido. Maaaring makalap ang magkatulad na impormasyon tungkol sa inyong potensyal na pag-trade-in ng inyong sasakyan na inyong ibinigay o na maaari naming makuha mula sa mga pinagkukunang ikatlong partido.
- Mga detalye ng transaksyon na inyong sinimulan o ginawa gamit ang aming mga website o sa aming (mga) dealership, kabilang ang pinansiyal na impormasyon (tulad ng mga aplikasyon sa pag-utang, mga alituntunin ng pagtustos ng salapi o pag-upa at mga halaga ng buwanang pagbabayad, na maaari naming makuha mula sa mga pinagkukunang ikatlong partido).
- Impormasyong tungkol sa inyo, ngunit indibidwal na hindi kayo ang kinikilala, tulad ng impormasyon sa pag-navigate kung ano-anong link ang inyong nai-click sa aming mga website, mga paghahanap ng sagot sa tanong, mga gustong sasakyan, at anumang iba pang impormasyong hindi mapagkakakilanlan na nagawa ninyo sa paggamit ng aming mga website,

Paano Namin Ginagamit ang Nakalap na Impormasyon:

Ginagamit namin ang impormasyong nakalap namin tungkol sa inyo para sa mga sumusunod na layunin:

- Upang magbigay ng aming mga Serbisyo.
- Upang magpadala ng mga komunikasyong pang-marketing.
- Upang tumugon sa inyong mga hiling at tanong.
- Upang pahasayin ang inyong mga karanasan sa pamamagitan ng pagpapadali sa paggamit at pag-navigate sa aming website.
- Para sa iba pang lehitimong layunin ng negosyo.

Paano Namin Kinakalap ang Personal na Impormasyon:

- Direkta mula sa inyo kapag ibinigay ninyo ito sa amin (tulad ng kapag nagsumite kayo sa amin mga online form o aplikasyon).
- Awtomatiko habang nagna-navigate kayo sa aming mga website (ayon sa ipinaliliwanag nang mas detalyado sa susunod na seksiyon ng patakaranang ito).
- Mula sa mga ikatlong partido, tulad ng mga kompanya sa pag-aanunsiyo na tumutulong sa amin na matagpuan ang mga posibleng customer. Pinananatili namin ang impormasyon alinsunod sa mga pamantayang nakasaad dito sa patakaran sa privacy, tulad ng ginagawa namin sa lahat ng iba pang Personal na Impormasyong inyong ibinibigay.

Impormasyong Kinakalap Namin Sa Pamamagitan ng mga Teknolohiyang Awtomatikong Pagkalap ng Data:

Gumagamit kami ng mga teknolohiyang awtomatikong pagkalap ng data upang kolektahin ang tiyak na impormasyon tungkol sa inyong kagamitan, pag-browse, at mga pattern, kabilang ang: mga detalye ng inyong mga pagbisita sa aming mga website, tulad ng data ng trapiko, data ng lokasyon, mga log, at iba pang data ng komunikasyon at ng mga pinagkukunan na inyong inaccess at ginagamit sa mga Website tulad ng impormasyong tungkol sa inyong computer at koneksiyon sa internet, tulad ng inyong IP address, operationing system, at uri ng browser. Ang kinakalap naming awtomatikong impormasyon ay data pang-estatistika at hindi kabilang ang personal na impormasyon, ngunit maaari namin itong mapanatili o iugnay sa Personal na Impormasyon ng pagkakakilanlan na kinakalap namin sa iba pang paraan, o natatanggap mula sa mga ikatlong partido. Karaniwang ginagamit ang impormasyong ito upang makatulong sa aming mapahusay ang aming mga website upang maghatid ng mas mahusay at mas personal na serbisyo kabilang ang pagbibigay-daan sa amin na: pagtantiya ng laki ng audience at paggamit ng mga pattern; pagtitipon ng malawak na data na pang-estatistika; pagsusuri ng paggamit ng mga bumibisita sa aming mga website at pagpapasadya ng mga site upang matugunan ang kanilang mga interes; mag-imbak ng mga kagustuhan ng mga gumagamit ng website at pabilisin ang kanilang mga paghahanap; at kilalanin ang mga muling bumibisita sa site.

Maaaring kabilang ang mga teknolohiyang ginagamit namin para dito sa awtomatikong pagkalap ng data ang:

- **Flash Cookies.** Maaaring gumagamit ng mga lokal na nakaimbak na bagay (o "Flash cookies") ang ilang feature ng aming mga website upang mangalap at mag-imbak ng impormasyon tungkol sa inyong mga kagustuhan at pag-navigate sa, mula, at sa aming mga website. Maaari din itong hindi paganahin o kung hindi man ay limitahan sa pamamagitan ng pagpapagana ng mga angkop na setting sa inyong browser.
- **Web Beacons.** Maaari ding maglamang ng maliliit na electronic file ang aming mga website o komunikasyon sa email na kilala bilang web beacons (tinutukoy ding bilang "clear gifs," "pixel tags," at "single-pixel gifs") na pinahihintulutan ang aming dealership, halimbawa, na bilangin ang mga gumagamit na bumisita sa mga pahinang iyon o nagbukas ng email at ng iba pang kaugnay na estatistika ng website.
- **Mga Katulad na Teknolohiya.** Maaaring gamitin ng aming dealership ang iba pang mga katulad na teknolohiya para sa mga katulad na layunin.

Pag-unawa sa Cookies (o "browser cookies"):

Isang maliit na text file ang cookie na natatanging tumutukoy sa inyong device na maaaring maglipat ang website sa hard drive ng consumer upang mapanatili ang mga rekord ng kanyang pagbisita sa isang website. Maaari kaming gumagamit o ang mga ikatlong partido ng cookies o paulit-ulit na cookies. Tumatagal lamang ang session cookies sa tiyak na tagal ng inyong pagbisita at matatanggal kapag isinara ninyo ang inyong browser. Nanatili ang paulit-ulit na cookies sa hard drive ng inyong device

hangga't tanggalin ninyo ang mga ito o mag-expire. Ginagamit ang iba't ibang cookies upang magsagawa ng iba't-ibang tungkulin, na ipinaliliwanag sa ibaba:

- **Mahalaga.** Mahalaga ang ilang cookies upang magawa ninyong tingnan ang aming website at magamit ang mga feature nito, tulad ng pag-access sa mga ligtas na lugar ng aming website. Kung wala ang cookies na ito, hindi namin mapagagana ang angkop na nilalaman na batay sa uri ng device na inyong ginagamit.
- **Analytics.** Gumagamit kami ng Google Analytics upang sukatin kung paano kayo nakikipag-ugnayan sa aming website at upang mapabuti ang inyong karanasan sa paggamit. Upang matutunan ang higit pa tungkol sa patakaran sa privacy at mekanismo sa hindi pagsali sa Google Analytics, pakibisita ang pahina ng Seguridad at mga Prinsipyo sa Pagkapribado ng Google Analytics sa <https://support.google.com/analytics/answer/6004245?hl=en>. Nagbibigay rin ang Google ng kumpletong patakaran at mga tagubilin sa pagkapribado para sa hindi pagsali sa Google Analytics sa <https://tools.google.com/dlpage/gaoptout>.
- **Naka-target na Patalastas.** Gumagamit kami ng cookies upang tipunin ang impormasyon ng pakikipag-ugnayan ng aming mga gumagamit sa aming website. Ginagamit namin ang impormasyong ito upang isilbi ang ads sa inyo nang wala sa aming website.

Pamamahala ng Cookies: May ilang paraan upang pamahalaan ang cookies. Maaari ninyong kontrolin ang paggamit ng cookies sa antas ng browser, sa pamamagitan ng pagtuturo sa inyong browser na tanggalin ang cookies, huwag paganahin ang cookies, o abisuhan kayo kapag tumatanggap ng bagong cookie. Mangyaring tandaan na kapag tinanggihan ninyo ang cookies, maaari pa rin ninyong gamitin ang aming website, ngunit maaaring maging limitado ang kakayahan ninyong gamitin ang ilang feature o pahina ng aming website. Nag-aalok din ang Network Advertising Initiative ng paraan upang hindi sumali sa tatanggap ng ilang advertising cookies. Maaari ninyong bisitahin ang www.networkadvertising.org upang matuto nang higit pa. Tandaan na hindi ibig sabihin ng hindi pagsali na hindi na kayo makatatanggap ng online advertising. Nangangahulugan ito na hindi na maghahatid ng ads ang mga kompanyang inyong tinanggihan batay sa inyong mga kagustuhan at pattern ng paggamit.

Pagkalap at Paggamit ng Impormasyon mula sa mga

Bata: Hindi nakalaan ang aming mga Serbisyo sa mga bata. Hindi namin sinasadyang kalapin o ibenta ang Personal na Impormasyon ng mga bata at wala sa aming mga Serbisyo ang nakadiseno upang akitin sila. Walang sinumang wala pang 16 na taong gulang ang maaaring magbigay ng anumang impormasyon sa mga website. Kung kayo ay wala pang 16 na taon, huwag gumamit o magbigay ng anumang impormasyon sa website na ito o sa o sa pamamagitan ng alinman sa kanilang feature, magrehistro sa aming mga website, bumili ng anuman sa pamamagitan ng aming mga website, gumamit ng alinman sa mga interactive feature ng aming mga website o magbigay sa amin ng anumang impormasyon tungkol sa inyong sarili, kabilang ang inyong pangalan, address, numero ng telepono, email address, o anumang screenname o username na maaari ninyong ginagamit. Kung malaman naming nakalap namin o natanggap ang

Personal na Impormasyon ng isang batang wala pang 16 nang walang pagpapatunay ng pahintulot ng magulang, tatanggalin namin ang impormasyon iyon sa lalong madaling panahon. Kung naniniwala kayong maaaring mayroon kaming anumang impormasyon mula sa o tungkol sa isang batang wala pang 16, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa impormasyong ibinigay sa seksyong "Contact Us" sa dulo ng patakarang ito.

Seguridad ng Data: Ipinatutupad namin ang mga makatuwirang hakbang panseguridad upang mapanatili ang seguridad ng inyong Personal na Impormasyon. Gayunman, mangyaring intindihin na walang paglilipat ng data sa internet na hindi garantisadong 100% ligtas. Dahil dito, hindi masisiguro o magagarantiya ng aming (mga) dealership ang seguridad ng anumang impormasyong inyong ipinadala sa amin at naiintindihan ninyo na kayo ang may pananagutan sa pagpapadala ninyo sa amin ng anumang impormasyon sa paraang elektroniko.

Kung malaman namin ang paglabag sa seguridad ng sistema, maaari naming tangkaing abisuhan kayo sa elektronikong paraan upang makagawa kayo ng angkop na mga hakbang upang maprotektahan ang inyong impormasyon. Sa paggamit ng aming mga Serbisyo o pagbibigay ng Personal na Impormasyon sa amin, sumasang-ayon kayo na maaari kaming makipag-ugnayan sa inyo sa elektronikong paraan tungkol sa mga usaping panseguridad, privacy, at pampangasiwaan kaugnay ng inyong paggamit ng mga Serbisyo. Maaari kaming mag-post ng abiso sa aming website kung nangyari ang paglabag sa seguridad. Maaari din kaming magpadala ng email sa inyo sa email address na ibinigay ninyo sa amin, kung mayroon man, sa mga pangyayaring ito. Depende kung saan kayo nakatira, maaaring mayroon kayong karapatang legal na makatanggap ng nakasulat na abiso ng paglabag sa seguridad.

Paano Namin Ibinubunyag at Isinisiwalat ang Inyong

Impormasyon: Maaari naming ibahagi o ibunyag ang inyong Personal na Impormasyon sa mga sumusunod na kategorya ng mga ikatlong partido at para sa mga sumusunod na dahilan:

- Maaari naming ibunyag ang inyong Personal na Impormasyon sa aming mga kaanib na entidad (na mga entidad na sakop ng karaniwang pagmamay-ari o pagkontrol ng aming (mga) dealership) para sa mga layuning pagbibigay ng mga Serbisyo o na pinaniniwalaan naming maaaring interesado kayo sa kanilang mga produkto o serbisyo.
- Maaari naming ibunyag ang inyong Personal na Impormasyon sa mga provider ng serbisyo ng ikatlong-partido, ahente, o nagsasariling kontratista na tumutulong sa amin na panatilihin ang aming mga Serbisyo at nagbibigay ng iba pang serbisyong pampangasiwaan sa amin.
- Maaari naming ibunyag ang inyong Personal na Impormasyon sa mga hindi kaanib na ikatlong partido na pinaniniwalaan naming maaaring interesado kayo sa kanilang mga produkto o serbisyo.
- Maaari naming ibunyag ang inyong Personal na Impormasyon kapag makatuwirang kinakailangan upang ipatupad o gamitin ang mga tuntunin ng anumang kontrata ng

pagbebenta o pagpapaupa na mayroon kami sa inyo, o iba pang kasunduan kasama ang para sa mga layuning pagsingil at pagkolekta ng bayad.

- Maaari naming ibunyag ang inyong Personal na Impormasyon sa mga ikatlong partido upang matupad ang layunin ng pagbibigay ninyo ng impormasyon. Halimbawa, kung hiniling ninyo na makipag-ugnayan kami sa isang tagagawa ng sasakyan na may partikular na tanong, maaari naming ipadala ang mga nilalaman ng email na iyon at ang inyong email address sa naturang mga tao.
- Maaari naming ibunyag ang inyong Personal na Impormasyon sa pagsasagawa ng anumang proseso ng muling pag-oorganisa kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga pagsasanib, pagbili, at pagbebenta ng lahat o halos lahat ng aming mga ari-arian.
- Maaari naming ibunyag ang inyong Personal na Impormasyon sa tagapagpatupad ng batas, mga ahensiya ng gobyerno, at iba pang kaugnay na ikatlong partido upang sundin ang batas, ipatupad ang aming mga patakaran, o pangalagaan ang mga karapatan, pag-aari, o kaligtasan namin o ng iba.
- Maaari naming ibunyag ang inyong personal na impormasyon para sa anumang iba pang layunin na ibinubunyag namin kapag nagbigay kayo ng impormasyon sa amin.

Paano Kami Tumutugon sa mga Palatandaan na Do-Not-

Track: Isinasama ng ilang browser ang "Do Not Track" (DNT) na feature na, kapag ini-on, na naghuhudyat sa mga website at mga serbisyong online na ayaw ninyong masubaybayan kayo. Dahil sa wala pang tinatanggap na pamantayan sa kung paano tumugon sa palatandaan na DNT, hindi kami kasalukuyang tumutugon sa mga hudyat na DNT sa website na ito o sa mga website kung saan kami nagbibigay ng mga anunsiyo, nilalaman o iba pang serbisyo.

Hindi Pagsali sa mga Komunikasyong Kaugnay ng

Marketing: Binibigyan namin kayo ng pagkakataong hindi sumali sa mga komunikasyong pang-marketing sa pag-click ng link na "unsubscribe" sa email na natanggap o pagsagot na IHINTO na sa mga text message, o sa pakikipag-ugnayan sa amin gamit ang impormasyon ng contact na nasa ibaba. Ipoproseso namin ang inyong hiling sa lalong madaling panahon na naaayon sa umiiral na batas, ngunit dapat ninyong malaman na sa ilang pangyayari, maaari kayong makatanggap ng ilan pang mensahe hanggang maproseso ang pag-unsubscribe.

Bukod pa rito, maaari kaming magpadala sa inyo ng impormasyon tungkol sa aming mga Serbisyo, tulad ng impormasyon sa mga pagbabago sa aming mga patakaran at iba pang abiso at pagbubunyag na iniutos ng batas. Karaniwan, hindi magawang hindi sumali sa mga ganitong uri ng komunikasyon ang mga gumagamit, ngunit pangunahing impormasyon ang uri ng mga ito sa halip na pampromosyon kung hindi kayo sumali sa pagtanggap ng mga komunikasyong pang-marketing.

Mga Panlabas na Link ng Ikatlong Partido: Maaaring magkaroon ang aming website ng mga link sa iba pang site. Hindi mananagot ang dealership para sa mga gawi sa privacy o nilalaman ng mga naturang iba pang site. Kung mayroon kayong anumang tanong tungkol sa kung paano ginagamit ng ibang pang site ang inyong impormasyon, dapat ninyong suriin nang direkta ang kanilang mga patakaran at makipag-ugnayan sa kanila.

Mga Post na Makikita ng Publiko: Maaaring gumamit ang aming mga website ng mga chat room, forum, message board, at/o mga katulad na teknolohiyang pang-forum sa magkakaibang panahon. Maliban kung iba ang isinaad, magiging pampublikong impormasyon ang anumang impormasyong ibinunyag sa mga lugar na ito at dapat kayong magingat kapag magpapasyang ibunyag ang anumang impormasyon sa mga lugar na ito, lalo na ang anumang Personal na Impormasyon ng Pagkakakilanlan. HINDI MANANAGOT ANG DEALERSHIP SA PAGGAMIT NG IMPORMASYON NG IBANG TAONG INYONG IBINUNYAG SA ISANG PAMPUBLIKONG FORUM.

Pandaigdigang Paglilipat ng Data: Nakadiseno ang aming website para sa, at layong gamitin nang eksklusibo ng mga residente ng Estados Unidos. Hindi kami mananagot para sa paggamit ng mga ito sa alinmang ibang bansa o teritoryo. Kung bumibisita kayo sa aming website mula sa isang lokasyong nasa labas ng Estados Unidos, makakakonekta kayo sa pamamagitan at sa mga server na matatagpuan sa Estados Unidos. Ipoproseso ang kahit anong impormasyong ibinigay ninyo sa panahon ng inyong pagbisita ka at pananatilihin sa aming webserver at iba pang mga panloob na sistemang matatagpuan sa loob ng Estados Unidos.

Mangyaring tandaan na kung nagbigay kayo sa amin ng Personal na Impormasyon, maaaring mailipat ito sa aming mga kaanib o ikatlong partido sa labas ng border at mula sa inyong bansa o hurisdiksiyon patungo sa ibang bansa o mga hurisdiksiyon sa buong mundo. Kung bumibisita kayo mula sa EU o sa ibang rehiyon na may mga namamahalang batas sa pagkolekta at paggamit ng data na maaaring iba sa batas ng US, mangyaring tandaan na inililipat ninyo ang inyong personal na impormasyon sa US at iba pang hurisdiksiyon na maaaring walang parehong batas sa proteksiyon ng data gaya ng sa EU. Inaamin ninyo na inyong naiintindihan na sa pagbibigay ng inyong Personal na Impormasyon, gagamitin ang inyong Personal na Impormasyon sa mga paggamit na tinukoy sa Patakarang ito at maaaring mailipat sa US at sa iba pang hurisdiksiyong naaayon sa umiiral na batas.

Pagtatalaga ng Inyong Personal na Impormasyon: Sa pangyayari ng pagsasanib o pagbili o pagbenta ng aming mga ari-arian sa isa pang kompanya, ipinagkaloob ninyo sa amin ang karapatang ipagkaloob sa amin ang Personal na Impormasyon na nakalap namin sa pamamagitan ng mga Serbisyo bilang bahagi ng naturang pagsasanib, pagbili o pagbenta.

Paglutas ng Pagtatalo at Kasunduan ng Arbitrasyon: Maliban kung ipinagbabawal ng batas, sa paggamit ng mga Serbisyo, sumasang-ayon kayo at ang (mga) dealership na, kung mayroong anumang mangyaring paghahabol, sakdal, o pagtatalo mula sa o kaugnay ng paggamit ninyo ng mga Serbisyo o ang paglabag, pagpapatupad, interpretasyon, o bisa ng Patakarang ito o anumang bahagi nito (“Pagtatalo”), dapat munang subukan ng parehong partido nang walang masamang hangarin na ayusin ang anumang Pagtatalo sa pamamagitan ng pagbibigay ng nakasulat na abiso sa kabilang partido na naglalarawan ng mga katotohanan at mga pangyayari tungkol sa Pagtatalo at pinapayagan ang tumatanggap na partido na sumagot sa o ayusin ang Pagtatalo sa loob ng 30 araw. Ipadadala ang abiso sa:

Para sa (mga) Dealership:

Premier Subaru of Fremont

5601 Cushing Pkwy, Fremont, CA 94538

Para sa Inyo: sa address na mayroon kami sa file ninyo o sa address na isinama ninyo sa nakasulat na abiso ng Pagtatalo.

Sumasang-ayon kayo at ang (mga) dealership na ang pamamaraan ng paglutas ng pagtatalong ito ay isang naunag kondisyon na dapat malutas bago ang pagsisimula ng anumang legal na pamamaraan o pag-file ng anumang paghahabol laban sa kabilang partido. KUNG HINDI MALUTAS ANG ANUMANG PAGTATALO NG NABANGGIT NA PAMAMARAAN NG PAGLUTAS NG PAGTATALO, SUMASANG-AYON KAYO NA ANG TANGI AT EKSKLUSIBONG HURISDIKSIYON PARA SA NATURANG PAGTATALO AY PAGPAPASYAHAN NG ISANG AWTORISADONG TAGAPAMAGITAN SA INDIBIDWAL NA BATAYAN, NA NANGANGAHULUGANG HINDI KAYO MAGKAKARON, AT INIUURONG NINYO ANG KARAPATANG MAGPASYA ANG ISANG HUKOM O HURADO SA INYONG MGA PAGHAHABOL, AT HINDI KAYO MAAARING MAGPATULOY SA MALAKING GRUPO (CLASS), PINAGSAMA-SAMA, O SA PAMAMAGITAN NG KINATAWAN. Hindi magagamit ang ilang karapatan na mayroon kayo at kami sa korte, o mas magiging limitado sa arbitrasyon, kabilang ang pagtuklas at karapatang mag-apela. Isusumite nang eksklusibo ang lahat ng naturang pagtatalo sa ADR Services, Inc., <https://www.adrservices.com/> para sa paglutas ng pagtatalo alinsunod sa mga umiiral nitong patakaran sa harap ng isang tagapamagitan na pinagkasunduan gamitin ng parehong partido.

Magkakaroon ng eksklusibong awtoridad ang tagapamagitan at hindi ang anumang pederal, estado, o lokal na korte o ahensiya na lutasin ang anumang pagtatalong mangyayari sa ilalim o kaugnay ng interpretasyon, kakayahang magamit, pagiging naipatutupad, o pagbuo ng Patakarang ito, kabilang ang anumang paghahabol na walang bisa o mapapawalang-bisa ang lahat o ang anumang bahagi ng Patakarang ito.

Iba pang Kasunduan sa Arbitrasyon:

Sa kaganapan ng salungatan sa pagitan ng kasunduang ito na gumamit ng tagapamagitan at anumang iba pang kasunduan sa arbitrasyon sa pagitan ninyo at ng Dealership, tulad ng kasunduan sa arbitrasyon na nilalaman ng kontrata ng hulugang pagbebentang itinitingi, kasunduan sa pagpapapaupa, o pagtantiya ng pagkukumpuni (Iba pang Kasunduan sa Arbitrasyon), dapat pamunuan ang mga tuntunin ng Iba pang Kasunduan sa Arbitrasyon at manaig sa bawat pagkakataon.

Umiiral na Batas: Ginawa ang Patakarang ito at dapat unawain alinsunod sa mga batas ng Estado ng California nang hindi nakaaapekto sa anumang salungatan ng mga prinsipyo ng batas. Dapat lutasin ang anumang pagtatalo o mga claim na hindi napapailalim sa probisyon ng arbitrasyong nabanggit ng isang korteng nasa Estado ng California, sa county kung saan matatagpuan ang dealership at sumang-ayon kayong magpasakop sa pagsasagawa personal na hurisdiksiyon ng naturang mga korte para sa layuning paglilitis ng anumang paghahabol o sakdal.

Mga Pagbabago sa Patakarang ito: Ipino-post namin ang anumang pagbabagong ginagawa namin sa aming patakaran sa privacy sa pahinang ito at kabilang ang abiso na binago ang patakaran sa privacy sa (mga) homepage ng aming (mga) website. Kung gumawa kami ng malalaking pagbabago sa kung paano namin tinatrato ang Personal na Impormasyon ng aming mga gumagamit, ipagbibigay-alam namin sa inyo sa pamamagitan ng abiso sa aming (mga) homepage ng aming (mga) website at maaaring ayon sa aming mabuting pagpapasya, kokontakin kayo sa email upang maabisuhan din kayo. Hinihikayat namin kayong muling bisitahin nang pana-panahon ang aming Patakaran sa Privacy upang tingnan ang anumang pagbabago.

Ang Inyong mga Karapatan sa Privacy sa California:

Shine the Light Requests: Pinahihintulutan ng California Civil Code Section 1798.83 ang mga bisita sa mga Serbisyo na mga residente ng California na humiling ng ilang impormasyon, kada taon, tungkol sa aming pagbubunyag ng personal na impormasyon sa mga ikatlong partido para sa kanilang mga direktang layunin na pang-marketing. Upang hilingin ito, mangyaring magpadala sa amin ng email sa Privacy@PremierAutomotive.com gamit ang impormasyon ng contact na nasa ibaba at ilagay ang “Shine the Light Request” sa espasyo ng paksa ng inyong email.

Mga Hiling na California Consumer Privacy Act ng 2018:

Simula sa Enero 1, 2020, magkakaroon ang mga konsyumer sa California ng mga sumusunod na karapatan:

- **Karapatang Makaalam:** Ang karapatang humiling, hanggang 2 beses sa loob ng isang 12-buwang panahon, na aming ibinubunyag sa inyo, nang walang bayad, (1) ang mga kategorya ng mga personal na impormasyon na aming kinalap, ibinunyag o ibinenta tungkol sa inyo sa huling 12 buwan, (2) ang mga kategorya ng mga pinagmulan kung saan

kinalap ang personal na impormasyon, (3) ang layunin ng negosyo kung saan namin gagamitin ang impormasyong ito, (4) ang kategorya ng mga ikatlong partido na kung kanino namin ibabahagi ang inyong personal na impormasyon, at (5) kinalap naming partikular na bahagi ng inyong personal na impormasyon sa nakalipas na 12 buwan;

- **Huwag Ibenta ang Aking Impormasyon:** Ang karapatang hindi sumali sa pagbebenta ng inyong personal na impormasyon sa mga ikatlong partido;
- **Tanggalin ang Aking Impormasyon:** Ang karapatang humiling, hanggang 2 beses sa loob ng 12-buwang panahon, na tanggalin namin ang personal na impormasyon na kinalap namin mula sa inyo, sa hangganang hindi kami pinapayagan ng batas ng California na panatilihin ang Personal na Impormasyon (halimbawa, maaari naming panatilihin ang Personal na Impormasyong kailangan para matapos ang transaksyon, gumawa ng kontrata sa pagitan ninyo at namin, sumusunod sa mga legal na obligasyon kasama ang mga hinihinging pagpapanatili ng dokumento, impormasyong kailangan para magsagawa ng pagkukumpuning may garantiya o mga pag-isyu ng recall, atbp.); at
- **Walang Diskriminasyon:** Ang karapatan na hindi makaranas ng diskriminasyon laban sa paggamit ng alinman sa mga karapatang ito.

Nakasaad sa ibaba ang higit pang impormasyon kung paano gamitin ang mga karapatang ito.

Ibinabahagi ng Premier ang inyong impormasyon sa iba't ibang provider ng mga serbisyo at mga ikatlong partido para sa isa o higit pang dahilan ng negosyong nakasaad sa ibaba:

#	Dahilan ng Negosyo
1	Upang tapusin, iproseso, at isumite ang mga aplikasyon para sa pagtustos, kasama ang pag-apply para sa utang, pagpapaupa o paunang kuwalipikasyon sa pagpapautang
2	Para sa mga layuning panseguridad at insurance, kinukuha ang kopya ng lisensiya ng tsuper para payagan ang konsyumer na i-test drive ang sasakyan
3	Upang iproseso, tapusin, at panatilihin ang mga rekord ng mga transaksyon kasama ang pagseserbisyo o pagbili ng mga sasakyan, produkto, mga bahagi o mga gamit
4	Upang magbigay ng kumpletong saklaw ng garantiya sa mga sasakyan, produkto, bahagi, serbisyo, at mga gamit
5	Pinananatili namin ang inyong pagpili para sa text na pagsali/hindi pagsali upang sundin ang batas
6	Upang magbigay at makipag-ugnayan tungkol sa mga abiso sa recall
7	Upang ireserba ang sasakyan na interesado ang konsyumer at hiniling na ireserba para sa kanya

8	Upang gumawa ng iskedyul, pamahalaan at panatilihing nasusubaybayan ang mga appointment at pagbisita ng customer
9	Upang tapusin ang pagtatasa ng sasakyan kapag hiniling ng isang konsyumer
10	Upang mapanatili ang mga rekord ng customer kapag tumanggi sila sa isang serbisyo o pagbebenta
11	Upang magbigay ng naka-target na anunsiyo at pahasayin ang karanasan ng gumagamit ng aming website kasama ang pag-audit ng kalidad ng ad, posisyon, mga bilang at pagsunod
12	Para tumugon sa mga tanong ng konsumidor, kasama ang interes sa sasakyan, paghiling ng impormasyon, suporta sa customer, mga tawag sa telepono at mga tanong sa loob ng tindahan
13	Ang maaaring iutos ng batas kabilang ang pagdodokumento ng pag-aari/pagrerehistro ng sasakyan, mga hinihingi ng estado na pagpapanatili/pag-access sa rekord at mga pagtatanong ng ahensiya ng hukuman estado
14	Upang tumugon sa at magproseso ng mga aplikasyon para sa trabaho at pamamahala sa mga empleyado at pagsunod sa mga batas at obligasyon sa pagpapatrabaho

Ibinabahagi ng Premier ang impormasyon sa mga sumusunod na uri ng provider ng serbisyo o mga negosyo ng ikatlong partido depende sa inyong mga transaksyon:

- A. Mga Tagagawa ng Sasakyan at mga Bahagi nito (mga OEM)
- B. Mga Institusyon ng Panalapi / Mga Nagpapautang
- C. Mga provider ng posibleng konsyumer
- D. Mga tagagawa/tagapangasiwa ng produkto
- E. Mga ahensiya ng gobyerno
- F. Mga vendor ng promosyon o iba pang pagsasagawa
- G. Mga vendor ng suporta sa marketing
- H. Mga vendor ng suporta sa transaksyon (hal., garantiya ng ibinayad na tseke, paupahang kotse, mga tagaproseso ng bayad)
- I. Mga vendor ng human resources at benepisyo ng empleyado (para sa mga aplikante sa trabaho at empleyado lamang)

Kinokolekta at maaaring ibahagi ng Premiere ang sumusunod na kategorya ng personal na impormasyon tungkol sa inyo batay sa inyong mga partikular na pakikipag-ugnay sa Premier sa nagdaang 12 buwan:

Kategorya	Senaryo	Mga Halimbawa	Layunin ng Negosyo	Pinagmulan	Ibinahagi Sa
Mga Personal na Pantukoy	Magsumite ng isang kahilingan para sa impormasyon o credit score sa online o sa tindahan	Pangalan, alyas, address, email address, numero ng social security	1, 2, 3, 4, 5, 6, 7, 8, 9, 10, 12, 13, 14	ikaw na konsyumer o empleyado	A, B, E, F, G, H, I
Mga Protektadong Klasipikasyon	Magsumite ng isang kahilingan para sa impormasyong may kasarian; hindi Ingles ang inyong mas gustong wika	Kasarian, etnisidad, wika	1, 3, 4, 11, 12, 13, 14	ikaw na konsyumer o empleyado	A, B, E, I
Mga Data na Pangkalakal	Anumang pagbili o paghiling para sa pag-apruba ng utang	Mga rekord ng mga produkto o serbisyong ibinigay, kasaysayan ng pagbili	1, 3, 13	ikaw na konsyumer	A, B, D, E, G, H
Biometric Data	Kapag tumawag kayo sa isang tindahan, maaari naming irekord ang usapan para sa mga layuning pagsasanay; maaaring gumamit ang mga empleyado ng mga biometric na orasan sa trabaho	Mga rekord ng boses; mga bahagyang fingerprint	12, 14	ikaw na konsyumer o empleyado	Hindi naibahagi ang mga rekord ng boses; I
Gawain sa Internet	Kapag nag-navigate, nag-access o gumamit kayo ng alinman sa aming mga website gamit ang desktop o mobile	Kasaysayan ng pag-browse, kasaysayan ng paghanap, cookies, mga IP address	11	Hindi direkta mula sa inyo bilang konsyumer	G
Geolocation Data	Kapag gumawa kayo ng isang account sa aming website o kapag gumamit ang mga empleyado ng mga orasan sa web	Latitude at longitude	11, 12, 14	Hindi direkta mula sa inyo bilang konsyumer	Ako (empleyado lamang)
Data ng Mobile Device	Kapag nag-navigate, nag-access o gumamit kayo ng alinman sa aming mga website gamit ang desktop o mobile	Uri ng device, uri ng software	11	Hindi direkta mula sa inyo bilang konsyumer	G
Pinansiyal / Data ng Trabaho	Kapag kinumpleto ninyo ang isang aplikasyon sa pag-utang; kapag nagtakda ang isang empleyado ng direktang pagdeposito	Pangalan ng kompanya, tungkulin, sahod, mga petsa ng trabaho, impormasyon ng account sa bangko, mga pinagmumulan ng kita	1, 13, 14	ikaw na konsyumer o empleyado	B, I

Awtorisadong Ahente. Kung gumagamit kayo ng awtorisadong ahente upang gamitin ang inyong Mga Karapatan sa Privacy ng California, aatasan namin ang inyong awtorisadong ahente na magbigay ng nakasulat na katibayan na mayroon silang awtoridad na kumilos sa ngalan ninyo at

maaaring kailanganin ninyong patunayan ang inyong pagkakakilanlan bago kami tumugon sa kahilingan ng awtorisadong ahente. Mangyaring tandaan na may kahulugan ang “awtorisadong ahente” na nasa Kabanata 20 ng California Consumer Privacy Act Regulations Seksyon 999.326 at dapat na irehistro sa Kalihim ng Estado ng California.

Pagpapatunay ng mga Kahilingan. Kakailanganin ng dealership na patunayan ang inyong pagkakakilanlan bago ito tumugon sa anumang kahilingan para sa impormasyon o kahilingang pagtanggap na ibinigay sa itaas. Mag-iiba-iba ang saklaw ng pagpapatunay na kailangan mula sa inyo depende sa uri at pagiging sensitibo ng Personal na Impormasyong kinalap ng dealership, ang panganib ng pinsala sa konsyumer, at kung nagnanais ang kahilingan na makakuha ng Personal na Impormasyon, tanggalin ang Personal na Impormasyon, o hindi sumali sa pagbebenta ng Personal na Impormasyon. Maaari kayong atasan ng proseso ng pagpapatunay na tukuyin ang tiyak na bilang ng inyong Personal na Impormasyon ng Pagkakakilanlan na kailangan upang makatwirang mapatunayan ang inyong pagkakakilanlan.

Kung nais ninyong gamitin ang isa o higit pa sa mga karapatang ito, mangyaring makipag-ugnayan sa amin gamit ang isa sa mga pamamaraan sa ibaba.

Maaari kayong magsumite ng isang mapatutunayang kahilingan ng konsyumer upang malaman ang, kahilingan na “Do Not Sell my Info”, o “Delete my Data” na kahilingan sa pamamagitan ng alinman sa mga pagpipilian sa ibaba:

- I-access ang link sa patakarang sa privacy ng aming [website](#) o
- Tawagan ang aming walang bayad na linya ng privacy sa 1 (844) 335-7441 Service Code 996
- Maaari din ninyong bisitahin ang aming dealership upang tapusin ang webform o gamitin ang aming mga telepono upang matawagan ang walang bayad na linya ng privacy

Ipoproseso ang mga Mapatutunayang Kahilingan na Hindi Sumali sa loob ng 15 araw ng negosyo mula sa pagtanggap nito. Magbibigay kami ng unang tugon sa isang mapatutunayang Kahilingan na Malaman o Kahilingang Tanggalin sa loob ng 10 araw ng negosyo mula sa pagtanggap nito. Karaniwang ibinigay ang isang buong tugon sa isang Mapatutunayang Kahilingan na Malaman o Kahilingang Tanggalin sa loob ng 45 araw sa kalendaryo mula sa pagtanggap ng kahilingan, ngunit maaari kaming maglaan ng dagdag na 45 araw sa kalendaryo nang may abiso sa inyo, para sa pinakamatagal na kabuuang 90 araw sa kalendaryo upang tumugon sa kahilingan. Kung kailangan namin ng karagdagang oras, ipagbibigay-alam namin sa inyo sa sulat ang dahilan at tagal ng pagpapalawig.

I-print ang Patakarang Ito: Mag-click dito para i-print ang kopya nitong Patakarang sa Privacy.

Pagiging Naa-access: Maaaring i-access ng mga may kapansanan itong Patakarang sa Privacy sa isang alternatibong format sa pamamagitan ng pag-click ditto.

Mga Wika: Dagdag sa Ingles, magagamit itong Patakaran sa Privacy sa sumusunod na wika: Espanyol, Tsino, Tagalog, Vietnamese, at Koreano.

Makipag-ugnayan sa Amin: Kung mayroon kayong mga tanong tungkol dito sa Patakaran sa Privacy o sa aming mga gawi sa privacy, maaari kayong tumawag sa amin gamit ang mga sumusunod na paraan:

Premier Subaru of Fremont

5601 Cushing Pkwy, Fremont, CA 94538

Numero ng Telepono sa Privacy: 1 (844) 335-7441 Service Code 996